April 3 **Umaasa sa Biyaya ng Diyos**

"Mapapalad ang mga dukha sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:3)

* * *

Ang kadukhaan sa espiritu ay isang pangunang kailangan sa kaligtasan at sa matagumpay na buhay Cristiano.

Sa Lukas 18:9-14 isinalaysay ni Jesus na may dalawang lalaki na tumungo sa Templo upng manalangin. Ang isa ay Fariseo, at ang isa naman ay maniningil ng buwis. Ipinagmalaki ng Fariseo ang kanyang nagmamatuwid na mga gawa;ang maniningil ng buwis ay mababang-loob na inaamin ang kanyang kasalanan. Ang Fariseo ay mayabang at umalis na nananatili sa kasalanan;ang maniningil ng buwis ay dukha sa espiritu at umalis na pinatawad.

Ang salitang Griyego na isinalin na "dukha" sa Mateo 5:3 ay ginamit sa Klasikong Griyego na tumutukoy sa mga taong nagyuyumukyok sa mga madilim na sulok ng lansangan na namamalimos ng abuloy. Dahil nga sa wala silang mga personal na ari-arian, sila'y umaasa na lamang sa bigay ng iba. Ang salita ring ito ay ginamit sa Lukas 16:20 na inilalarawan ang isang "dukhang" lalaki na si Lazaro.

Ang espirituwal na katulad nito ay naglalarawan sa mga taong alam nilang sila'y wala nang pag-asa at salat-na-salat sa anumang kakayahang pantao na maghahabilin sa kanila sa Diyos. Sila'y umaasang ng lubos sa biyaya ng Diyos para sa kaligtasan, at umaasa rin sila sa biyaya ng Diyos pang-araw-araw na pamumuhay. Tinawag sila ni Jesus na mga taong maliligaya dahil sila'y tunay na mananampalataya at ang Kaharian ng Langit ay para sa kanila.

Ang salitang isinalin na "kanila"sa Mateo 5:3 ay madiin sa tekstong Griyego: ang Kaharian ng Langit ay tiyak na para sa mga taong dukha sa espiritu. Nasa kanila na ang biyaya nito ngayon at mararanasan nila ng ganap ang kaluwalhatian nito sa pagdating ng panahon (1 Juan 3:1-2). Iyan ay dahilan na upang labis na magalak!

Sinasabi ng Isaias 57:15, *"Sapagkat ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang hanggan, na ang pangalan ay Banal: 'Ako'y naninirahan sa mataas at banal na dako, at gayundin sa may pagsisisi at mapagpakumbabang-loob, upang buhayin ang loob ng mapagpakumbaba, at upang buhayin ang puso ng may pagsisisi.'"* Idinagdag pa ni David, *"Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na diwa, isang bagbag at nagsisising puso, O Diyos, ay hindi mo hahamakin" (*Awit 51:17).

Tulad ng nagpakumbabang maniningil ng buwis, aminin ang iyong mga kahinaan at umasa ng ganap sa mga kayamanan ng Diyos. Sa gayon ay sasagutin Niya ang iyong mga panalangin at maglilingkod para sa iyong mga pangangailangan. Diyan nagsisimula ang kaligayahan!

* * *

Mga Suhestiyon para Ipanalangin: Pasalamatan ang Diyos na sa tuwing lalapit kayo sa Kanya na may kapakumbabaan at pagsisisi, diringgin Niya kayo at tutugon. * Batayan ng may pananalangin ang iyong puso mula sa mapaglalang na impluwensya ng kapalaluan.

Para sa Karagdagang na Pag-aaral: Basahin ang mga sumusunod na talata, pinapansin ang pananaw ng Diyos sa kapalalun: Kawikaan 6:16-17; 8:13; 11:2; 16:5, 18-19.